**Unibersidad ng Pilipinas Maynila**
Kolehiyo ng Sining at Agham
Departamento ng Agham Panlipunan

# HADLANG O DAAN SA KAUNLARAN:
## Epekto ng GATT-WTO sa Kita ng Kape sa Amadeo, Cavite

**Political Science 198**
**Seminar Paper**

**Mary Rose Toledo**
BA Political Science
2007-42215

Marso 2011

**Unibersidad ng Pilipinas Maynila**
Kolehiyo ng Agham at Sining
Departamento ng Agham Panlipunan

Ang sulatin na ito na pinamamagatang "**HADLANG O DAAN SA KAUNLARAN: Epekto ng GATT-WTO sa Kita ng Kape sa Amadeo, Cavite**" ni Mary Rose O. Toledo ay tinanggap bilang isang rekisito sa kursong Political Science 198 sa ikalawang semestre ng taong 2010-2011.

**Fatima Alvarez-Castillo**
Politcal Science 198, Taga-payo

**Carl Marc Ramota**
Departamento ng Agham Panlipunan,Taga-pangulo

# PASASALAMAT

Unang una sa lahat, hanggang kabilang buhay kong pasasalamatan ang Maykapal sa buhay at biyayang pinagkaloob niya sa akin at sa mga taong binigay, pinahiram o pinadaan niya sa aking buhay na tumulong sa paghubog ng aking pagkatao lalo na sa taong ang pag-aaral na ito ay isigawa.

Ako ay taos pusong nagpapasalamat sa mga sumusunod. Mabuhay kayo!

Sa aking pamilya, na walang sawang pagsuporta, pagmamahal at pag-intindi sa akin tuwing wala ako sa puwang o mainit ang ulo dahil sa pagsusuri o sa kung ano mang bagay. Mahal na mahal ko kayo;

Sa *Single Ladies* (SL) na sina Chan, Charlette, Eva, Jona, Katrina, Kessica, Noveanne, Reggieleene at si Pen ang ka-isa-isa naming kapatid na lalaki, na palaging na sa tabi ko upang maging liwanag sa kadiliman ng buhay. Sila ang pinagkukuhanan ng saya sa tuwing walang tamang nagyayari sa aking pag-aaral. Ang ating pagkakaibigan ay hindi nagtatapos sa kolehiyo.

Sa ASAP-Katipunan, Anakbayan, at lahat ng pambansang demokratikong organisasyon sa Pilipinas, na nagmulat sa akin sa realidad ng buhay, nagturong magsilbi sa mamamayan at maging tunay na iskolar ng bayan. Mapapatag rin natin ang Bundok.

Sa mga guro ko sa unibersidad na nagturo sa akin ng mga konsepto at teoryang magagamit hindi lamang sa loob, pero at higit na, sa labas ng pamantasan sapagkat ang lipunan ay ang pamantasan ng bayan. Pinakamataas na pagpupugay kina Propesor Ramota, Abaya, Ponsaran; at kay Propesor Mesina na nagsilbing taga-payo nang ako ay hindi maka-isip ng paksang pag-aaralan.

Sa aking naging ama at taga-payo na si Propesor Bobby Tuazon. Hinding hindi ko makakalimutan ang inyong mga payo at ang ating mga talakayan. Marami akong natutunan hindi lamang tungkol sa trabaho at sa loob ng akademiya pero pati na sa buhay. Isang araw, babawi rin ako sa inyong kabaitan.

Sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Kasama-TK, Kamagsasaka-Ka partikular na kina Ka Axel Pinpin, Ate Celle, Ka Antoy, Kuya Jerwin, Kuya Wowie at Kuya Mikyo sa pag-agapay at pagpapahiram sa akin ng oras ng ako ay na sa Amadeo.

Sa Komunidad ng Barangay Dagatan, Amadeo, Kabite na mainit akong tinanggap at tinulugan sa aking pag-aaral. Salamat sa pamilya Loyola (kay Ate Jona, Enteng, Boss, Nanay, Tatay) na tumanggap sa aking sa loob ng aking pakikipamuhay. Kay Kuya Joey at kay Kapitan na naging kahilinhinan ni Kuya Mikyo sa pagsama sa akin sa pag-iikot at lalo na sa mga barakong magkakapeng Kabitenyo ng Dagatan. Nawa'y manubalik ang lakas at tapang ng industriya ng kape.

Sa aking mga kaklase sa Political Science 198, lalo na kina Joe, Nomar, Mark, Franz at Keith (kahit hindi namin siya kaklase, naging bahagi siya ng buhay thesis ko) na sa hirap at ginhawa ay hindi parin nag-iwanan. Pulahan man ang aming mga papel, pilit parin kinakalinga at pinapasaya ang bawat isa. Tinuturing kong pinakamasaya, pinakamahal at pinaka hindi makakalimutan ang klaseng ito. Pangiingatan ko ang ating nabuong samahan.

Sa aming nanay-nanayan at propesor na si Propesor Fatima Alvarez-Castillo, ako man ay pina-ulit ng sandamakmak na *proposal* na pumiga sa aking utak at sa aking matang pagod ng lumuha, kayo ay aking pinapasalamatan. Pilit niyong giniling at pinakuluan ang kapeng katulad ko upang palabasin ang tunay na aroma at tapang na mayroon ako. Salamat sa hindi ninyo pagsuko. Kayo ay aking tinitingala bilang tao, babae, ina at propesor. Walang salitang makakasambit ng inyong kagalingan at kabutihan.

At higit sa lahat, SAYO, dahil sa pagkawala mo sa oras na pinaka kailangan kita napatunayan ko na kaya ko ng wala ka. Kaya ko magtapos sa kolehiyo (ipasa ang *Statistics* at magsagawa ng sarbey) ng hindi mo ako tinutulungan. Dahil sayo, ako ay naging mas matapang, matatag at matalinong tao. Ngayon pa lang sinasabi ko sayo, magsisisi ka sa ginawa mo. :) Salamat na lamang sa nakalipas, sa matatamis at mapapait na ala-ala.

***Abstract:** Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa General Agreement on Tariff and Trade-World Trade Organization (GATT-WTO) at epekto nito sa kita sa produksyon ng mga magkakape sa Amadeo, Kabite. Ang Amadeo ay binansagang "Coffee Capital of the Philippines" ngunit sa kasalukuyang kalagayan ng industriya ng kape sa lugar ay mahina na ito kumpara sa dati nitong kalagayan. Ang GATT-WTO ay isa sa mga dahilan kung bakit nalumpo ang kapihan sa Amadeo. Ito ay dahil sa polisiya nitong malayang kalakaran na nagpapahintulot ng pagpasok ng murang produkto ng ibang bansa ng halos walang regulasyon. Hindi kinaya ng lokal na mga magkakape ang makipagkumpetisya sa produkto ng ibang bansa kaya nalugi ang mga ito. Humina ang industriya ng kape. Kakaunti na lamang ang nagpatuloy sa pagkakape at ang iba naman ay inabandona na ito ng tuluyan. Ang nangyayari sa Amadeo ay maaring sumasalamin sa nangyayari sa ibang lugar, sa ibang produkto sa sektor ng Agrikultura sa Pilipinas. Dahil ang GATT-WTO ay isang institusyon na suportado ng estado at ng mga malalaking kapitalistang bansa, mahalagang tingnan ang mga posibileng gawin ng mga taga-Amadeo para maiparating sa mga kinauukulan ang kanilang kalagayan at kung paano masosolusyunan ang problema.*

**GATT at ang Maskara ng Kaunlaran**

Nang matapos ang Pangalawang Pandaigdigang Digmaan, napangita ng mga bansa ang pangangailangan ng mga samahan upang pamahalaan ang mundo sa iba't ibang aspeto. Marami ang nabuo dahil sa ganitong pananaw ng mga estado, ilan sa mga ito ay ang United Nations (UN), World Bank (WB), International Monetary Fund (IMF) at ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) (Aaronson, 2008).

Sa usapang pangekonomiya, ang GATT ang naging pundasyon ng pandaigdigang kalakalan at naging tularan ng iba pang mga tretado at kasunduan. Nagsimula ito noong 1947 kasabay ang International Trade Organization (ITO) kung saan ang GATT lamang ay isang hindi pormal na tretado at nagsisilbing gabay lamang ng mga bansa. Nang namatay ang ITO dahil sa mabagal na pag-usad ng mga sesyon ng mga bansa, nanatili paring buhay ang GATT. Hindi man ito katulad ng ITO na pormal na organo, ito ay higit na mas popular kumpara sa nauna. Noong 1994, kinilala na ito bilang isang pangekonomiyang tretado at institusyon ng mga bansang nais makilahok sa pandaigdigang kalakalan sa ngalan na General Agreement on Tarrifs and Trade-World Trade Organization (GATT-WTO). Sa kasalukuyan, ito ay .may higit kumulang 150 na miyembro (Aaronson, 2008).

Batay sa paunang salita ng GATT, ang layunin nito ay para pababain ang mga taripa, bawasan ang mga sari-saring hadlang sa kalakalan at tanggalin ang mga pagkiling sa mga partikular na produkto upang makatulong para sa lahat ng mga bansa. Ayon sa World Trade Organization, ang GATT ay may mga probisyon na nagbibigay ng mas pabor na kundisyon para sa mga paunlad na mga bansa dahil kinikilala nito na malaking porsyento ng kanilang kasapi ay paunlad na mga bansa at mas makakaigi para sa lahat na paunlarin ang mga ito. Ito ay nakasaad sa Artikulo XXXVI (Trade and Development) ng GATT (WTO, 1947). Sa katununayan sa isang personal na panayam kay Amy Cadang, head ng International Coffee Certifying Organization (ICCO) ng Department of Trade and Industry (DTI), binibigyan daw ng GATT ng oportunidad ang Pilipinas na makilahok sa malayang kalakan at bumili ng murang produkto mula sa mga karatig bayan. Bukod dito, layunin din ng GATT na paunlarin ang kalagayan ng magsasaka. Bago rin maaprubahan ang mga ratipikasyon na gagawin para sa katuparan ng UR-GATT 1994 (tumutukoy sa

pagsama ng sektor ng Agrikultura sa kasunduan), naglabas ang gobyerno ng mga positibong mga benepisyo na makukuha ng mamamayan kapag tumugon sa UR-GATT 1994. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: pagtaas ng taunang eksportasyon ng mga agrikultural na mga produkto na naghahalagang P 3.4 B pataas, pagtaas ng kita sa agrikultura ng P 60 B, maglikha ng 500,000 na trabaho taon taon. Kaya naman habang pinagdedebatihan ang ratipikasyon, ang mga mambabatas na kumokontra ay binansagang anti-development at anti-poor (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002).

Ngunit, ito ay salungat sa mga nangyayari, ang GATT ay isang makinarya ng mga mauunlad na bansa gaya ng Estados Unidos at ng iba pang bansa sa G7 upang palawakin ang kanilang merkado at umani ng ganansya, sa katunayan ito ay tinatawag pa ng ilang kritiko na *"rich countries club"* (Onyejekwe, 1993). Ayon kay Hector Kiamson, sa isang personal na panayam sa kanya, tagapagsalita ng Kalipunan ng mga Magbubukid sa Kabite (Kamagsasaka-Ka), ang GATT ay itinayo upang lehitimong mapanghawakan ng mga imperyalistang bansa ang kalakalan. Batay sa pag-aaral ng Kamagsasaka-Ka (2005), ang GATT ay mayroong oryentasyong naka-ugat sa malayang kalakaran. Bilang isang pangdaigdigang kasunduan, sinisugarado nito na ang mga kasapi ay magluluwag ng kani-kanilang patakarang pangkalakalan at magtutuloy-tuloy ang liberalisasyon sa pangdaigdigang kalakalan. Noong 1994 naisama na sa panghihimasukan ng GATT ang agrikultura sa Agreement on Agricuture (AoA). Dahil dito, maari ng kontrolin ng GATT ang mahahalagang aspeto ng agrikultura na makakaapekto sa mga magbubukid at sa buong sektor ng agrikultura. Ilan sa mga polisiyang na sa ilalim ng AoA ay ang sumusunod: (1) pagtanggal ng quanititative restrictions sa importasyon kung saan kinakailangan unti-unting tanggalin ng isang bansa ang anumang instrumento nito na maaring pumigil sa pagbagsak ng produkto galing sa ibang bansa; (2)

pagbawas ng taripa sa mga inaangkat na mga produkto kung saan inuutos ng GATT-WTO na tapyasin ng 33% (karaniwang porsyentong binabawas) ang halaga ng buwis at pagpasatupad ng iskedyul ng pagtanggal ng taripa sa mga partikular na mga produkto hanggang matapos ang 10 taon na sakop ng GATT; at; (3) pagsunod sa polisiyang deregulasyon o pagbawas o pagtanggal ng anumang tulong, suporta o ayuda sa mga magbubukid.

Dahil sa atrasado pa ang moda ng produksyon ng mga paunlad na bansa, hindi nito kayang makipagsabayan sa mga mayayamang bansa pagdating sa kalakaran. Kaya ang mga polisiyang na sa loob ng GATT ay nakakasama lamang sa mga pangatlong daidig na bansa. Hindi lingid sa kaalaman na ang sektor na ito sa mga paunlad na mga bansa ay sa pangkabuuan atrasado pa at hindi pa nakakasunod sa mga makabagong paraan sa produksyon. Dahil dito, hindi nila kayang tapatan ang mga mayayamang bansa tulad ng Estados Unidos, Canada at ang mga bansang kasapi ng European Union na gumagamit ng makabagong moda sa produksyon. Ito lamang ay nagdudulot ng lalong paghina ng mga ekonomiya ng mahihirap na bansa. Ang sektor ng agrikultura ay lubos na naapektuhan lalo na ang mga maliliit na mga mangingisda, mga katutubo at ang malawak na hanay ng mga magsasaka (IBON Databank and Research Center, 2005).

Sa pagpasok ng Pilipinas sa ganitong kasunduan, nalimita sa kagustuhan ng "imperyalistang" bansa ang maaring ikalakal ng Pilipinas. Sila na rin ang nagtatakda kung kanino pwede makipag kalakal ang kolonyang bansa tulad ng Pilipinas . Binugbog nito ang buong sektor ng agrikultura. Hindi lumaki ang produksyon dahil hirap makipagkumpitensya ang mga lokal sa mga malalaking kumpanya (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15,2010). Ang patuloy na pagbagsak ng mga *surplus* ng ibang bansa ay patuloy na sumisira sa ating agrikultura (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre

28, 2010). Ito rin ay nagdulot lamang ng paghihirap sa mga magsasaka. Ginagamit lamang ng mga kapitalista ang lakas paggawa ng mga magsasaka. Sa huli, ang malawak na hanay ng mga mamamayan- partikular na ang mga magsasaka ang nahihirapan (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre 28, 2010).

Kung tutuusin, mas maayos pa ang lagay ng agrikultura ng Pilipinas bago panghimasukan ng GATT-WTO ang nasabing sektor. Malaya itong nakakapagkalakal sa kahit anong bansa na naisin nito. Mismong ang mga magbubukid na ang nagsasabing di hamak na mas maayos rin ang kalagayan ng mga magsasaka noon. Ang mga magsasaka ay nakikinabang sa mga produktong agrikultural. Disente ang kinikita nila at "hindi busabos ang mga manggagawang bukid" (Michael Loyola, personal na interbyu, February 11,2011).

**Ang GATT at ang Pagtabang ng Industiya ng Kape sa Amadeo**

Ang ganitong relasyon ng GATT sa mga mahihirap na bansa ay makikita kahit sa ispesipikong mga halimbawa katulad na lamang sa plantasyon ng kape sa Amadeo, Kabite kung saan ang kanilang kita at produksyon ay lubusang naapektuhan ng nasabing kasunduan.

Ang bayan ng Amadeo ay mayroong 26 bilang ng mga barangay sa loob ng 4790 hektaryang lupain. Ang munisipalidad na ito sa timog ng probinsya ng Kabite ay tinatayang may 60 kilometrong layo sa Maynila at may layong 15 kilometro mula sa Trece Martirez, ang kapitolyo ng probinsya (Official Website of the Province of Cavite). Sa tala noong May 2000, ang bilang ng populasyon nito ay 25,737 kung saan ang bilang ng mga kalalakihan sa mga kababaihan ay halos 1:1; 12,971 ang bilang ng mga lalaki samantala'y 12,766 naman ang bilang ng mga babae. Bagamat maraming pinagkukuhanan ng kabuhayan sa

Amadeo, ang mayor na produktong kinakalakal nito ay kape (Topacio, Ardiel Ross, "The Coffee Town of Amadeo"). Sa 23 bayan ng Kabite, siyam dito ay mayroong industriya ng kape at ang Amadeo ang may pinakamalaking produksyon ng nito (Kamagsasaka-Ka, 2005). Kaya inangkin rin nito ang titulong *Coffee Capital of the Philippines* (Official Website of the Province of Cavite).

Masigla ang industriya ng kape noong 1980's. Sabi ni Cadang sa panayam ko sa kanya, mayroon sistema ng export quota noon kung saan tayo ay obligado magsupply ng maraming container van ng green beans sa ibang bansa kaya mayabong ang industriya ng kape. Siguradong may bibili sa Pilipinas at ang industriya naman ay ganado magtanim ng kape dahil sigurado ang merkado ng bansa. Malaki rin ang kinikita ng mga magkakape lalo na ng Amadeo dahil sa mataas na kalidad ng kanyang produkto. Ang ganitong sistema ay nag-udyok sa mga magbubukid na ipagpatuloy ang pagkakape nila.

Ang kasaganahan ay nagbago nang panghimasukan na ng GATT ang agrikultura, naging malaya na ang mga bansa kumuha ng kape sa kung saan bansa nila gusto. Dumami bigla ang mga nagsasaka ng kape sa ibang bansa (Kamagsasaka-Ka, 2005) kaya nawalan ng mamimili ang Pilipinas. Ang naging kalakaran na sa pangdaigdigang merkado ay kung sino ang may malaking produksyon, sila na lamang ang tinatangkilik ng mga mamimili (Cadang, 2010). Biglang nanganib ang dating tiyak na merkado ng Pilipinas. Nahirapan na ito makipagsabayan sa ibang bansang nangangalakal din ng kape. Opinyon naman ni Leodegario Alabarca Jr., WTO front desk ng Bureau of International Trade Relations (BITR) ng DTI, nang siya ay tanungin ng mananaliksik, kung magaling ang isang industriya kahit walang quota kaya nito palaguin ang kanyang ekonomiya, pero kung hindi ito magaling, natural na mas pipiliin nito ang sistema ng export quota dahil sa siguradong merkado. Sa madaling sabi,

'*survival of the fittest*' ang oryentasyon ng GATT-WTO. Ngunit dahil sa kalagayan ng moda ng produksyon sa Pilipinas, talagang malulugi ang bansa sa '*survival of the fittest*' na oryentasyon ng merkado. Pero, ito ay usapin na labas sa kalidad ng kape sapagkat *Double AA* ang kalidad ng kape sa Amadeo, pinakamataas na klasipikasyon sa pangdaigdigang merkado. Dekalidad man ang produkto ng Amadeo, kung ito naman ay tatapatan ng parehong o halos kaparehong grado ng kalidad, sa mas maraming bulto at mababang presyo, mapagiiwanan talaga ang bansa.

Ang dating 2% na hawak ng Pilipinas sa pangkabuuang produksyon ng kape sa mundo, ngayon ay ¼ na lamang ng 1%. Kung dating net exporter ang Pilipinas, ito ay kalaunan ay naging net importer. (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Ang pangyayaring ito ay manipestasyon na malaki talaga ang naging epekto ng pagpasok ng Pilipinas sa GATT. Mula sa pagiging mayor na suplayer, ito ay isa na lamang sa mga bansa na kumukuha ng suplay mula sa ibang bansa.

**Kaunlaran nino?**

Sabi ng GATT-WTO at mga kagawaran sa gobyerno, ang lokal na industriya ang makikinabang sa GATT. Ang daming makukulay na mga pangako at ekspektasyon ang pinakain nila sa mga mamamayan gaya ng trabaho at pag ganda ng ekonomiya (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002). Pero nang ipasatupad ang mga polisiyang konektado sa GATT, tuluyang napako ang mga ito. Hindi ang lokal na industriya ang nakinabang at lalo namang hindi guminhawa ang buhay ng mamamayan. Sabi nga ni Pascual, F. G. & Glipo, A. G. (2002), ang nakinabang sa pagiging liberal ng merkado ay hindi naman talaga ang mga batayang mga magsasaka. Simula ng nagkaroon ng GATT-WTO, transnational companies (TNCs) at multinational corporations (MNCs) ay

kumikita ng lubusan sa pandaigdigang kalaran. Sa katunayan, dahil sa magandang daloy ng negosyo ng mga ito, dumami sa loob ng 1994-2003 ang bilang ng mga TNCs at MNCs sa mundo. Mula sa 40,000 lumobo ito sa 61,000 na korporasyon (IBON Databank and Research Center, 2005). Ang kanilang paghahari sa kalakalan ay nagbigay sa kanila ng kapangyarihan upang i-dikta ang mga agenda sa mga pagpupulong ng WTO gamit ang kanilang mga gobyemo. Ang mga ito ay nagtatayo ng mga *lobby groups* para masigurado ang suporta ng kanilang mga gobyemo. Sa ganitong paraan ay kanilang mamonopolyo ang pandaigdigang kalakalan (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002).

Kung ilalapat ito sa konteksto ng kape, ang GATT- WTO ay ginagamit ng Nestle upang lehitimo at legal na mamonopolyo ang produkto at pagsamantalahan ang kalagayan ng mga pesante. Ito ay taliwas sa sinasabi ng IMF (2001) sa kanilang pag-aaral na nagsasabing ang GATT ay kumikiling sa mga paunlad na bansa lalo na pagdating sa sektor ng agrikultura at ng paggawa.

Sa huli, makikita na ang handog na kaunlaran ng GATT ay hindi naman talaga sa batayang magsasaka o sa lokal na industriya ng mga paunlad na bansa. Ito ay para sa mga pangdaigdigang manlalaro na mayroong kapasidad makipagsiklaban ng kapasidad sa kalakalan. Ang mga paunlad na mga bansa ay tila saling pusa lamang na sinasali lamang upang pangpadami ng kalaro sa merkado at gawing taya sa bawat pagkakataon.

**Si Lenin at Gramsci at ang Paghahari ng GATT sa Industriya ng Kape**

Base kay Vladimir Lenin, ang imperyalismo ang monopolyong yugto ng kapitalismo. Ang tinutukoy niya ay ang pagkamkam ng mga kapitalista sa mas malawak na merkado labas pa sa kanilang mga bansa. Ang mga sumusunod ay

ang mga sinasabi ni Lenin na katangian ng imperialismo: (1) ang konsentrasyon ng kapital at produksyon sa iilang mga monopolista na nagbibigay dito ng kapangyarihan magdikta sa ekonomiya; (2) ang pagsama-sama ng institusyong pampinansiyal at mga industriya; (3) ang pagpapahalaga at paglitaw ng export kapital dahil sa labis na kita mula sa surplus (4) ang pagkakaroon ng pangekomiyang samahan ng mga mono kapitalista upang paghahatian ang mundo; at (5) ang paghahati ng teritoryo ng mundo ng mga mono kapitalistang mga bansa (Delaney & Goins, 2008).

Kung ilalapat natin ang ganitong kaisipan sa paksang pinaguusapan, maaring sambitin na ang pagbubuo ng GATT ay manipestasyon ng pagiging imperialista ng lipunan habang ito ay umuunlad. Ang nagpapahirap sa mga magsasaka ng Amadeo ay hindi lamang mga lokal na kapitalista, ang gobyernong may katangiang buruktrata kapitalista at mga panginoong maylupa kung hindi pati mga imperialista na gaya ng sinabi ni Lenin, ay mga kapitalista rin ngunit sa mas mataas na antas.

Ang pagkalumpo ng produksyon sa Amadeo ay hindi mahihiwalay sa dikta ng lipunan na mayroon ang mundo. Dahil sa *neoliberalization*, isang konsepto na nagsisilbing makinarya sa pagpapasatupad ng polisiyang imperialista, nagkakaroon ng mga samahan katulad ng GATT kung saan nakapaloob dito ang privatization, deregulation, state abandonment at ideya ng *free trade.*

Sa konteksto ng pagsusuri kung saan mayroong naghaharing pwersa at ang mga pinaghaharian nito ay tinatanggap na lamang ang pyudal na relasyon, magandang ma-ilapat ito sa teorya ni Antonio Gramsci tungkol sa *Hegemony.* Ayon dito, bukod sa kapasidad ng naghaharing uri na kontrolin ang pulitika at ekonomiya ng bansa, may kapasidad rin ito ipatanggap sa mga na sa ilalim nito na natural lang ang kalagayan at wala ng magagawa upang ito ay baguhin

(Mastroiani, 2002). Sa depinisyon ni Gramsci, ang naghaharing entidad na ito rin ay isang porma ng pagkontrol sa superstruktura ng lipunan. Ang superstruktura ay sumasaklaw sa pangkabuuang ayos o kalagayan ng lipunan. Para mabago ang kalagayan sa lipunan, kailangan magkaroon ng pampulitikang pakikibaka, na magmumula sa sama-samang pagkilos, upang magkaroon ng kapasidad ang mga na-aaping uri na baguhin ang superstruktura, isang bagay na pinaniwala sa kanila na hindi kayang baguhin (Mastroiani, 2002).

Sa sector ng kape na ang halimbawa ay sa Amadeo, ang naghaharing pwersa ay ang mga imperyalistang bansa at ang kanilang mga kapitalistang mga TNCs ant MNCs gaya ng Nestle. Ginagamit nila ang mga pangdaigdigang samahan tulad ng GATT-WTO bilang superstruktura para magsilbing makinarya ng kanilang pagkokontrol sa industriya at ekonomiya ng Pilipinas. Sa Amadeo, ang industriya ng kape. Pagka't ang mga imperyalistang bansa at ang mga kumpanya tulad ng Nestle ay makapangyarihan at may suporta ng gobyerno at ng GATT-WTO, napaniniwala nito ang mga magkakape at ang malawak na hanay ng mamamayan na ito ay natural na at bahagi na ng kalakaran sa lipunan. Ngunit, gaya ng sinasabi ni Gramsci, ito ay maaring mabago kung magkakaroon ng pagaaklas mula sa mamamayan o linilinlang at pinagsasamantalahang uri. Kung kolektibong kikilos at makikibaka ang mga magkakape, maari silang maging instrumento ng tunay na pagbabago sa kalakaran.

Ang dalawang pinaghalong pagususuri ng dalawang Markistang nagmula sa magkaibang panahon, Lenin at Gramsci, ay tunay na angkop sa paksa hindi lang dahil sa pagkakaroon nito ng kagamitan para ipaliwanag ang kalagayan pero dahil na rin sa nosyon na tinataglay nito na ang problema ng pananamantala ay kayang solusyunan.

**Esensya at Kahalagahan ng Pagsusuri**

Bilang isang mananaliksik, labag sa etika na mang-husga na lamang ng walang kahit anong obhektibong rason o ebidensiya na sumusuporta sa opinyon. Ang bawat pananaw ay dapat dumaan sa syentipikong paraan ng pagtuklas ng kasagutan. Gaano man katiyak o katigas ang pananaw ng isang tao sa isang paksa wala itong saysay kung wala itong kredibilidad. Ito ang kadahilanan kung bakit nagsagawa ang mananaliksik ng pag-aaral ukol sa GATT-WTO. Nais niyang ipakita ang tunay nitong epekto sa paraang siyentipiko- may obhektibong basehan. Maraming paraan maaring masukat ang epekto ng isang bagay, ito ay maaring makita sa iba't ibang aspeto. Sa pagsusuring ito, kinikilala na ang pagtala ng kalagayan ng magkakape at ng Industriya ng Kape kasama na ang kita ng mga magbubukid ay makakapagbigay ng obhektibong kasagutan sa gustong patunayan-- ang epekto ng GATT-WTO sa mga magkakape.

Layunin ng papel na ito na: (1) Malaman ang ugat ng GATT para malaman kung sino mga karakter sa likod at loob nito at ang oryentasyon nito bilang tretado at pangdaigdigan samahan, mula dito, inaasahang magkakaroon na ng malinaw na linya ng pagsusuri kung bakit nasasadlak ang Amadeo sa kalagayang mayroon ito sa kasalukuyan at bakit ganito ang epektong dala ng GATT sa nasabing bayan; (2) Mariin din na maipakita ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga magsasaka sa Amadeo noong wala pang GATT at kalagayan nila ngayong mayroon ng GATT para lubusang makita ang mga pagbabago na dulot ng GATT sa kanila; (3) Malaman ang tugon ng gobyemo sa di-maapulang krisis sa Amadeo; at; (4) Dahil naniniwala ang nagsasagawa ng pag-aaral na kapos ang isang pag-aaral kung walang mararating sa huli kung hindi ulitin at gawan ng buod ang mga bagay na nasabi na ng iba, ninanais ng manunulat na pagkatapos ng pag-intindi sa ugat ng GATT-WTO, pagsusuri ng

kalagayan at epekto sa iba't ibang panahon sa Amadeo, ay makapagbigay ng syentipikong suhesyon base sa masinsin na pananaliksik kung paano mabibigyan solusyon ang nakikitang problema sa Amadeo.

Ang kalagayan ng sektor ng kape sa Kabite ay hindi malayo sa dinaranas ng ibang produkto sa Pilipinas. Sinasalamin nito ang kalagayan ng agrikultura sa Pilipinas sa pangkabuuan. Dito pa lamang ay makikita na hindi kaagapay ng mga paunlad na mga bansa ang GATT. Kung gayon, importante na baybayin kung paano nakapasok sa lalawigan ang ganitong klaseng pang-ekonomiyang epidemiya. Dapat rin maunawaan na ang panaghoy ng mga magkakapeng Kabitenyo dahil sa lumalagpak na presyo ng kape sa merkado ay dulot ng pangdaigdigang salot na kinakaharap nito. Wala ng iba pang pamamaraan ng paglutas sa problemang kinakaharap ng mga magkakapeng Kabitenyo kung hindi ang pagkakaroon ng kritikal na pagsusuri ukol sa paksa na maypagpapahalaga sa pananaw ng mga taong direktang lumalahok sa moda ng produksyon, tanging sa ganitong paraan lamang makakabuo ng angkop na solusyon sa hinahaharap na unos pangekonomiya.

**Pamamaraan ng Pananaliksik**

Sa pananaliksik na ito, upang makamit ang mga layunin at matukoy ang epekto ng GATT-WTO sa kita ng mga magkakape ng Amadeo, Kabite, gumamit ng iba't ibang paraan na angkop para sa paksa at sa teoryang gubagabay sa pag-aaral- Teorya ng Imperyalismo ni Vladimir Lenin at *Hegemony* ni Antonio Gramsci. Ang pagaaral na ito ay may dalawang bahagi sa kwantitibong pamamaraan at kwalitibong pagsusuri upang masuportahan ng isa ang isa sa pagpapatotoo ng datos.

Kinikilala ko na ang *Critical theory* ay sapat para matugunan ang pangangailangan ng pag-aaral na ito: (1) masuri ang kwantitibong mga datos ukol sa paksa at (2) ma-identipika ang tunay na kalagayan ng magsasaka sa Amadeo na maaring nagtatago sa gitna ng mga numero. Hindi rin kinakaila ng mananaliksik na siya ay may kinikilingang ideolohiya o lente ng pag-aanalisa ng lipunan kaya't minarapat niyang sabihin ang kanyang teoryang gagamitin. Ang ganitong klase ng estilo ay pinili rin ng mag-aaral upang mailapat sa klase ng pananaliksik na kanyang gustong gawin, ang *development research at action research*. Naniniwala ang nagsusuri na sa ganitong estilo ay makaaambag siya sa ikauunlad ng kalagayan ng batayang sektor ng mga magsasaka sapagkat ang paksang tinatalakay ay isang problemang nakakaapekto sa komunidad at sektor ng lipunan na hindi maaring ipagkibit balikat lamang. Minabuti rin ng gagawa ng pag-aaral na imbis palawigin pa ang paksa ay palalimin (*in-depth analysis*) na lamang para matumbok ang talagang problema na hinaharap ng komunidad ng mga pesante sa Amadeo, Cavite.

Bago pumalaot sa pag kalap ng primarya o pangunahing impormasyon. Kinailangan munang magkaroon ng pundasyon ang pag-aaral kaya minabuti ng mananaliksik na mangalap ng mga sekondaryang mga impormasyon. Ito ay nakuha mula sa mga artikulo, libro o mga pagaaral na makikita sa silid aklatan, sa internet, o sa mga dyaryo. Ang mga ito ay inipon upang makatulong sa pagbuo ng kaisipan ng mananaliksik ukol sa paksa. Ito rin ay ang kanyang naging gabay sa landas na tatahakin niya sa pananaliksik. Pagkatapos makabuo ng organisadong datos at matukoy ang aking gustong gawing pagsusuri sa ispesipikong erya, ako ay sumaliksik ng impormasyon gamit ang direktang paglusong sa paghahanap ng makukuhanan ng primaryang impormasyon. Ito ay para makakuha ng sariwang datos at para na rin beripikahin ang mga nakalap ng pangalawang salin ng impormasyon.

Dahil kita ng mga magsasaka sa Amadeo ang mayor na paksa ng pag-aaral, malaki ang naambag ng pagsasagawa ng *comparative historical statistics* sa ispesipikong lugar sa Amadeo, Cavite. Nakita gamit ang quantitibong mga datos ang pagkakaiba ng kita ng mga magsasaka noon at magsasaka ngayon kung kailan ang Pilipinas ay apektado na ng GATT. Batay sa bilang na binigay ng punong barangay ng napiling lugar, kumuha ang mananaliksik ng 18 na kataong sasagot sa hinandang sarbey.

Kinonsidera ng mananaliksik na ang mga direktang mga taong kalahok sa isyu ay masasabing eksperto sa paska kaya naman, isa sa mga paraan para makakuha ng datos niya ay ang pakikipamuhay sa batayang masa, sa konteksto ng pagaaral, sa mga magsasaka ng Amadeo, Cavite. Ito ay kanyang ginawa dahil bagamat siya ay magsasagawa ng interbyu sa nasabing lugar at sa iba pang maaring magbigay ng kaalaman, pinapahalagahan ang mga bagay na hindi nakukuha ng mga salita. Ang pakikipamuhay sa mga mismong apektado ng pagaaral ay nakapagbigay ng oportunidad upang madokumento ang kilos at ekspresyon ng mga impormante at mga taong apektado sa isyu. Ang nasabing pakikipamuhay sa lugar ay tumagal ng limang araw.

Nabanggit na rin na nagsagawa ng interbyu ang mananaliksik, bukod sa mga nakatira mismo sa Amadeo, para masaklaw at madokumento ang lahat ng perspektiba, ang mananaliksik ay magiinterbyu rin ng mga personalidad mula sa International Coffee Certifying Organization ng Department of Trade and Industry, Bureau of International Trade Relations ng Department of Trade and Agriculture, Municipal Agriculture Office ng Amadeo at Kalipunan ng mga Magbubukid sa Kabite .

Nagsagawa din ng pang grupong talakayan sa komunidad ng Amadeo. Ang mga kalahok dito ay 10-15 na kalakihan na inabutan ang kalagayan ng industriya ng kape noong wala pang GATT at ngayong mayroon ng GATT.

Ang lahat ng porma ng pangangalap ng primaryang datos ay isinagawa ng inisasa-isip ang etika ng pag-aaral kaya gumamit ng Free and Prior Informed Consent, kumuha ng mga permiso sa mga kina-uukulan at nagsagawa ng courtesy calls.

Marami ng mga pagaaral ang ganitong usapin ngunit sa huli ay puro teorya na nananatiling lutang at nakatago sa silid aklatan. Sa ganitong disenyo ng pananaliksik, bukod sa malalim na paganalisa sa problema sa Amadeo, ay makakapagbigay ito ng suhesyon kung paano ito malulutas. Isang bagay na matagal ng kinakailangan.

**Pagsubok sa Hayag na Pananaw ng Mananaliksik**

Ang pag-aaral ay isinagawa upang makita ang GATT-WTO ay isa sa mga dahilan kung bakit maliit lamang ang kinikita ng mga magkakape at naghihingalo ang Industriya ng Kape sa Amadeo, Kabite. Ito ay isang instrumentong nagagamit ng mga mayayamang bansa at ng kanilang TNCs at MNCs upang lehitimong mapanghimasukan ang kalakalan ng pangatlong daigdig na mga bayan. Ngunit kahit pa ito ay suportado ng mga makapangyarihang mga entidad at may kapasidad na i-kundisyon ang utak ng masa na ito ay bahagi na ng natural na ayos ng lipunan, naniniwala na ang mananaliksik na ito ay kayang labanan kung ang mga pinagsasamantalahan tulad ng mga magsasaka at ng malawak na saklaw ng mga naapi ay magsasama sama. Kinikilala rin ng manunuri na maaring ang nagyayari sa Amadeo ay posibleng sumasalamin lamang sa kalagayan sa ibang lugar o sa buong sektor ng Agrikultura.

**Ang Pawalang Aroma ng Kapihan sa Amadeo**

Dahil sa kagustuhan ng mananaliksik na maipakita ang epekto ng GATT sa kita ng magkakape ng Amadeo, Kabite, minabuti niya na makipamuhay doon ng limang araw upang direktang makita ang kalagayan na hindi kayang mailarawan ng mga literatura tungkol dito.

*Bagamat bago ako pumunta sa Amadeo ay nakapagbasa na ako ng ilang mga pag-aaral tungkol dito, nagulat parin ako sa aking nakita. Ang sinasabing Coffee Capital of the Philippines ay mukhang Pineapple Capital of the Philippines, pagpasok pa lamang ng arko ng Amadeo kung saan nakalagay na ang bayan ay coffee capital, hektarya ng mga pinya ang sasalubong sa iyo. Kung hindi man pinya ang iyong makikita, panay cash crops na o malalaking subdibisyon na ang babati sa iyo. Malayo na sa sinasabi ng mga matatanda na purong kapihan.*

Batay sa obserbasyon sa Amadeo at pakikipagkwentuhan ng mananaliksik sa mga nakatira doon, kakaunti na lamang ang tanim na kape sa Amadeo bagamat ito ay ang *coffee capital* ng Pilipinas. Mismong ang mga magkakape na ang nagsasabi na 50-50 o nag-aagaw buhay na ang industriya ng kape sa Amadeo. Dati, maari pa daw tawagin na *coffee capital* ang Amadeo pero ngayon ay hindi na.

*Ang obserbasyon ko sa iba't ibang baranggay ng. Amadeo na aking nadaanan ay nakita ko rin sa barangay na aking tinuluyan sa loob ng limang araw. Sinalamin ng Barangay Dagatan ang nakita ko sa ibang lugar sa Amadeo.*

Kapansin-pansin na naghihingalo na ang kapihan ng bayan at ayon kay Kiamson sa pakikipanayam sa kanya, ito ay marahil sa kadahilanang ang mga kapitalista na ang nakakapagtakda ng presyo ng kape kaya kahit dapat mahal ang presyo nito sapagkat ito ay double standard (mataas na grado para sa kape), hindi ito maibenta sa tamang presyo. Ang kapitan mismo sa Baranggay

Dagatan ay aminado na dahil sa murang kape ng ibang bansa kaya nalumpo ang kapihan sa Amadeo. Ang mga magsasakang nakausap sa pang grupong talakayan ay mayroong kaparehong sentimyento gaya ng kanilang punong barangay. Sila ay naniniwala na may kinalaman ang pagbagsak ng mga produkto mula sa ibang bansa sa nangyayaring pagkalugi sa sektor ng agrikultura.

Sa opinyon ng mismong mga nakatira sa Amadeo, pabagsak na ang industriya ng kape sa kanilang bayan. Walang mintis ang mga sagot na patay na ang industriya ng kape sa Amadeo. Lahat sila ay sumasang-ayon na pagpasok ng dekada 90, ay humirap na ang kanilang kalagayan. Ang biglang pagmumura ng presyo sa merkado ang kanilang tinuturong dahilan lalo na't ngayon ay tumataas ang presyo ng mga bilihin pati na rin ang mga abono at gastusin sa pagbubuhay ng kapihan.

Base sa panayam kina Cadang, Kiamson at kay Michael Loyola, dating agriculture officer ng Munisipyo ng Amadeo, bumagsak ang presyo ng kape sa lokal dahil sa laro ng presyo sa pandaigdigang merkado. Hindi nito kinaya makipagsabayan sa mga malalaking *producers* (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Unti-unti ay namatay na ang industriya ng kape sa Pilipinas (Michael Loyola, personal na interbyu, Pebrero 11, 2011). Nang natakot ang mga magsasaka dahil sa paglagpak ng presyo ng kape, iniwan na ng iba ang pagtanim ng kape o ang iba naman ay nag-inter crop. Dahil dito, lumiit ang mga kapihan at lumiit ang produksyon ng kape (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Dati rati, ayon sa pakikipagkwentuhan ng mananaliksik sa Barangay Agrarian Reform Committee, wala ng madadaanan ng sasakyan sa Amadeo dahil sa dami ng binibilad na kape. Ngayon, kakaunti na lamang ang mga taong umaani at nag aalaga ng kape. 95% ng lupain ng Amadeo ay dating kapihan pero ngayon 1/3 na lamang

ito kaya hindi na rin naniniwala ang karamihan na dapat parin tawagin ang Amadeo na *coffee capital.*

Simula ng nasali sa GATT ang sektor ng agrikultura noong 1994, nahirapan makipagkumpitensiya at humihina ang industriya ng kape sa Pilipinas. Nakapaloob sa mga polisiya ng GATT, na obligado ang bansa na tangkilikin o bilihin ang minimum access volume (MAV) ng bawat produkto. Kaya, imbes na kapeng local ang naibebenta sa merkado, kailangan pang makipagkumpitensiya ng mga lokal na industriya sa mga higanteng mga kumpanya tulad ng Nestle (Espada,2003). Naliberalisa din nito ang agrikultura sa Pilipinas, sa produksyon ng kape, makikita ang malaking epekto ng pagmamanipula ng taripa ng imported na kape sa mga magsasaka. Noong 2004, binabaan ang taripa ng mga produktong galing sa ibang bansa, umapaw ng murang kape mula sa Vietnam at Indonesia sa bansa at lalong nahirapan ang mga magsasaka sa makikipagkumpitensiya sa mga banyagang produkto. Dahil dito, ang isang timbang punung puno ng kape ay maibebenta na lamang sa P200. Di nagtagal, ang dating buhay na buhay na lokal na industriya ng kape ay namatay dahil na rin sa pag abandona ng mga magsasaka sa pagtatanim ng nasabing produkto (Alava, A. & Lorenzana, E., Collaboration to the Rescue: Saving the Philippine Coffee Industry through Industry-Academe-Government Collaboration).

Kung tutuusin, ito rin ang nagpapaigting sa pagiging import dependent at export oriented ng bansa. Sa katunayan, simula noong 1880, ang Pilipinas ang dating pang-apat sa pinakaaktibong nangangalakal ng kape sa mundo, pero ngayon, ay isa na ito sa mga nag-aangkat nito mula sa ibang bansa (Espada,2003). Kung babalikan ang depinisyon at layunin ng GATT sa pambungad ng pag-aaral, makikita na isa sa mga sinusulong nito ay ang pagkakaroon ng malayang kalakalan kung saan kakaunti o walang

makakahadlang sa pagpasok ng mga produkto galing sa ibang bansa. Kaya hindi rin maisasawalang bahala na kalahati ng kapihan sa Kabite ay namatay dahil sa GATT WTO (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre 28, 2010).

Gayunpaman, mayroon paring iilan na naniniwalang mayabong parin ang industriya ng kape, 5 sa 18 na magkakape ay naniniwala parin na ang industriya ay masigla pa.

**Matatamis na ala-ala sa Industriya ng Kape**

*Ang sitwasyon ngayon sa Amadeo, partikular na sa industriya ng kape ay malayo na sa dati nitong estado. Batay sa kwento ng mga magsasaka sakin sa Amadeo, naibebenta ang kape sa tamang presyo noon. Sa katunayan, noong kalakasan ng industriya ng kape, noong 1970's at '80's, ito ay maaring gamitin pamili ng sari-saring bagay. May mga naglalako talaga sa kalsada at sa mga looban (tawag sa kapihan), upang mamalit kape sa mga magsasaka kapalit ng kanilang mga kakanin, damit, gulay, at iba pa. Banggit din ng isang matandang magkakape sa akin, kahit sa nanlillimos ay kape ang pwede ibigay. Pero ngayon, kung ito raw ay gagawin, hindi malayong ibato pa sa iyo pabalik ang buto ng kape sa baba ng presyo.*

Ayon sa grupong talakayan, maganda talaga ang presyo ng kape noon. Sa katunayan, kahit hindi kumain ang magkakape bago pumuntang kapihan tiyak may dadaang namamalit. Sa taas ng halaga ng kape, kalimitan pa itong nananakaw.

Gaya ng nabanggit sa unang bahagi, mayroon pang export quota sa pangdaigdigang kalakalan na nag-oobliga sa mga bansa na bumili sa ispesipikong bansa ng partikular na produkto. Dahil dito naging masigla ang industriya ng kape at dahil sa tiyak na merkado, tinangkilik mabuti ng mga

magbubukid ang pagaalaga ng kape (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Buhay na buhay ang kapihan sa Amadeo.

**Ang Suliranin ng Magkakapeng Kabitenyo**

*Ang pag-iba ng ihip ng hangin sa industriya ng kape ay nagdulot ng malaking epekto sa buhay ng mga magkakape. Sa mga binahagi ng mga magkakape, kung dati ay purong kapihan lang ang kabuhayan ng magkakape, simula ng bumagsak na ang presyo ng kape, sila ay naghanap na ng iba pang ikabubuhay gaya ng pagpapalit ng pananim, paghahalo ng mga pananim, pagtatayo ng tindahan, paglahok sa konstruksyon o ang pag-asa sa mga anak na prupesyunal kung mayroon man. Sabi ng mga magkakape na nakapanayam ko, kung sa pagsasaka lamang aasa ang pamilya, hindi ito sasapat. Kahit pag-anihan na, wala parin kasiguraduhan ang kita. Depende parin sa ani at sa presyuhan. Minsan sapat at minsan naman ay lugi. Para sa may pang kapital, pagdating ng anihan, kahit papaano ay kumikita, pero, para sa iba na walang puhunan, pagdating ng anihan, ang pera ay mapupunta lamang sa pinag-utangan. Ang ikauunlad lang dito ay ang ibang alternatibong kabuhayan; hindi lang kape. Kasi kung sa kape lamang, iikot lamang ang pera mo.*

Noong nagkaroon na ng GATT, ayon kay Kiamson, ang mga magkakape ay ay para na lamang "naghihintay ng order mula sa superyor." Kapag sinabi ng malalaking kumpanya na hindi muna sila kukuha ng kape, walang magagawa ang mga magsasaka ng kape dito. Ganito ang naging sistema sa Amadeo, salaysay ng isang magkakape, sapagkat Nestle lang naman ang bumibili ng mayor nilang produkto. Ang iba ay kanilang pinupuntahan lamang pag hindi na tumatanggap ang Nestle.


Bukod dito, nalugi ang mga magkakape dulot ng pagkatalo sa presyo (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Ang GATT WTO

bilang makinarya ng mga kapitalista ay nakakapagdikta ng presyo ng kape. Kung dati ay pumapalo ng P400- P500, nang sumali ang Pilipinas sa GATT at pagpasok ng global market, lumagpak ang presyo, umabot pa ito ng P75 kada balde (Hector Kiamson, personal na interbyu, Pebrero 28, 2010). Matagal na rin hindi umaabot ng P500 ang presyo ng kape ayon sa mga nakausap na mga magsasaka. Dagdag pa nila, kung noong 1980's kumikita ang magkakape ng P30,000, ngayon ay baka ganoon parin ang kikitain ng isang magkakape pero sa mas mababang halaga na dahil sa labanan ng piso kontra dolyar. Paikot-ikot lang ang pera kung sa kape lang aasa. Swerte pa kung 'breakeven' ang kakalabasan, ani ng magkakape.

Sabi nila Kiamson at Cadang, sa magkaibang interyu sa kanila ng mananaliksik, nasaktan ang mga magkakape kaya kalakhan ng kapihan ay kanilang pinatay o hinaluan ito ng ibang pananim at nag-intercrop sa mga tinatawag na cash crops o mga prutas at gulay.

Sa madaling sabi, na-demoralisa ang mga magsasaka dahil sa mga epekto ng GATT (Michael Loyola, personal na interbyu, Pebrero 11, 2011). Ayon kay Cadang, nawalan ng gana magsaka ng kape ang mga magkakape dahil na rin sa maliit nilang kita mula dito kaya lumiit na rin ang mga lupang nakalaan para pagtamnan ng kape. Kinumpirma naman ito ng isang magbubukid na nakausap sa Amadeo, dagdag pa niya na may mga kasama silang tinatamad na dahil ang panget na ng presyo simula nung napasok na ng pangdaigdigang merkado.

Batay sa isingawang survey ng mananaliksik, lugi ng 68% ang mga magkakape sa buong proseso ng produksyon hanggan sa ito ay ma-ibenta. Sa kanilang linalabas na pera, normal na 32% bumabalik sa kanila mula sa kanilang linabas na puhunan sa kada anihan.




**Mucho de niro→ Mucho de zero**

*Habang ako ay na sa Amadeo, nagbahay-bahay ako upang lalong magagap ang sitwasyon ng mga magkakape at ng industriya ng kape, may nakakwentuhan ako na mag-amang na makakapaglarawan ng buhay ng isang magkakape noon. Si tatay ay mahigit 40 taon ng magkakape, siya ay dating may limang hektaryang sinasaka. Noong kasagsagan ng presyo ng kape, mga 1970's, siya ay nakapagpundar ng isang jeep na kanyang nagagamit upang makapgdala ng kape sa mga mamimili. Nakabili pa siya ng lupa sa kanyang tabing bahay na ginawa niya ring kapihan. Ang kanyang naaani na kape ay naibebenta pa sa presyong P500 (sa panahon na mataas pa ang presyo ng piso laban sa dolyar at marami pang mararating ang ganitong halaga). Bukod pa dito tatlong bes kada taon niya din na lalagyan ng abono ang kanyang mga pananim na kape. Ang anak naman ni tatay na dati ay nag-aaral ng kolehiyo sa Maynila ay hindi na nagtuloy sa pagaabogasya dahil sa akala'y ang kapihan ay hindi mananamlay. Ngunit ang magkakaroon ng mayabong na industriya ay hindi nagtagal. Ang dating masagang buhay ay unti unting nawala. Gaya ng*

*kalagayan ng ama na hirap na kumilos, hirap na rin sila sa buhay mangangape. Bumababa na ang presyo ng kape. Tumataas naman ang presyo ng pangangape. Kung dati ay busog na busog ang kapihan sa abono, ngayon ay isang beses kada taon na lamang ito binibigyan ng pataba.*

Ayon kay Cadang, "mucho de niro" ang mga magkakape noon. Sila ang pinakamayamang magsasaka sa Pilipinas. Mga one day millionaire sila ika nga ng isang magsasaka sa pang grupong talakayan.

Sabi nga ni Kiamson, nakukuha ng mga magkakape ang presyong gusto nila bago pumaloob sa GATT ang Pilipinas. Kahit sa antas pa lamang ng small traders hindi naaagrabyado sa presyuhan ang mga magkakape. Sila pa nga ang linalapitan ng mga mangangalakal upang bilihin ang kanilang kape. Nakukuha nila ang kanilang presyo.

Nakakapagpatapos ng mga anak ng mga magkakape noon hanggang kolehiyo. Utang man ang ipangbayad sa matrikula, tiyak naman na ito ay mababayaran dahil sa ganda ng presyo ng kape noon. Nakakapagpaaral sa kolehiyo kahit umuutang dahil siguradong ito naman ay masasalo pagnakuha ung kape nila. Ganoon ang presyo ng kape noon, nagbibigay ito ng seguridad at ng desenteng buhay sa mga magkakape.

Batay sa isinagawang sarbey, 3 sa 18 na magkakape ang nagsasabing pareho lang, at 15 sa 18 na magkakape ang nagsasabing mas maganda noon, samantala'y WALA ang naniniwalang mas maganda ngayon.

**Nestle bilang nangungunang sumisipsip ng ganansya**

Kung mayroon mang nasisiyahan sa daloy ng kalakalan ng kape dito sa Pilipinas, ito ay ang Nestle. Sabi ni Kiamson at Cadang, Nestle at ang iba pang malalaking korporasyon ang nakinabang sa polisiya ng GATT. Ika nga ng isang magkakape, "... ang masasabi ko lamang, Nestle ay pinaka nakinabang." Ang

Nestle ang "tumitiba" sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kapangyarihang kontrolin ang presyo ng kape samanatala ang mga magkakape na direkta mismong kalahok sa pag-aalaga at pag-aani ng kape ay hindi nakikinabang.

Imbes na ang mga maliliit na trader ang makinabang sa murang presyo na nakalapat sa *minimum access volume* o MAV, ang nakakabili nito ay ang Nestle. Batay sa datos na binahagi ni Amy Cadang sa panayam ng mananaliksik sa kanya, ang Nestle lang ang may kapasidad na bumili ng MAV. May taon na 99% ng produksyon ng kape ay galing lamang sa Nestle. Sa pangkabuuan maaring sabihin na ang mga TNCs at MNCs ang nakikinabang sa GATT kasi sila lang naman ang may kapasidad na magimport ng malakihang volume.

*Sa pakikipagkwentuhan ng mag-aaral sa mag-amang magkakape at iba pa sa kanilang bahay, napaunawa nila sakin kung paano sa mas ispesipikong paraan, sa paraan na kanilang dinadanas makikita ang manipestasyon ng kapangyarihan ng Nestle, bilang ito ang nangungunang kumukuha ng kape na sinundan naman ng Universal Robina Corporation (URC), na diktahan ang ang halaga ng kape dahil na-monopolyo niya na ang produkto kaya nalulugi ang mga magkakape. Kayang kaya ng Nestle laruin ang presyo ng kape. Pag kailangan nila ng kape, magpapastil sila sa labas ng pagawaan ng mataas na presyo ng kape, pag nagkaganoon, dadagsa ang mga magkakape upang ma-ibenta ang kanilang kape. Ngunit, kahit nakapila na ang mga buto ng kape sa pabrika, hangga't ito ay di pa naproseso, ito ay maapektuhan parin ng pagbaba at pagtaas ng presyo. Alam na nila ang kiliti ng tao.*

Banggit nga ng isang magkakape sa pang grupong talakayan, mabilis ang pagbago ng presyo. Walang pasabi. Magbabago ito kailan man naisin ng Nestle. Sabi ng mga magkakape sa aming talakayan, dahil sa ganitong kakayahang magdikta ng Nestle, kung mababa ang presyo ng Nestle, mababa

talaga ang presyo sa buong merkado. Alam ng mga negosyante na papatusin parin ng mga magkakape ang kahit anong presyo dahil hindi na nila naibenta ang kanilang mga bunga sa Nestle. Hindi naman maipit ang kalakal kasi wala naman pang gastos nag mga magkakape. Bukod sa Nestle, ang mga kumikita na ay ung mga middleman, yung may malaking kapital sila ung may kaya mag-ipit ng presyo. Ang batayang magsasaka, wala. Sa huli, ang mga may kaya parin ang kumikita. Ika nga ng isang magsasaka,"Wala naman kaming laban e."

Bagamat marami man ang tumutol sa kalakaran ng Nestle, na makikita sa mismong kampanya ng mga mangagawa o mga mamimili na itigil ang pagbili ng produkto na ibinibenta ng Nestle sa iba't ibang dako ng mundo, hindi parin natitinag ang Nestle dahil na rin sa suporta ng mga tretado o pangekonomiyang samahan tulad ng GATT- WTO (Espada, 2003).

*Batay sa pakikipagsalamuha ng mananaliksik sa Amadeo, kawawa ang mga magkakape na wala talagang pagkukuhanan kasi wala silang magagawa kung hindi ibenta kahit mura. Simula ng dumating ang Nestle, ganyan na ang naging kalakaran ng kape sa Amadeo. Ibang iba sa dating takbo ng industriya ng kape.*

**Pulitika at Pamumulitika**

Marami man ang disbentaheng nadudulot ang GATT-WTO, patuloy parin ito sinusunod ng pamahalaan. Sabi ni Kiamson sa aming pag-uusap, pronta lamang ng gobyerno ang sinasabing magagandang naidudulot ng GATT-WTO. Kung talagang maganda ito, hindi mag-aatubili ang mga magsasaka na lumahok dito. Dahil sa "*puppet* na gobyerno ng Pilipinas", wala itong magagawa kung hindi sundin ang kagustuhan ng kanyang amo- ang mga imperyalistang bansa. Kaya kung mayroon man silang nakikitang hindi magandang batas, pikit mata na lamang nila ito susundin. Kung uugatin ang ganitong oryentasyon,

babagsak parin ito sa pagkakaroon ng burukurata kapitalistang sistema sa Pilipinas. Taliwas naman ito sa paniniwala ni Alabarca mula sa WTO desk, dahil ayon sa kanya, consensus naman o demokratiko at kolektibo ang mga desisyon ng GATT-WTO. Ito ay walang pilitan na kasunduan. Ang mga kasapi ang nagdedesisyon ng magiging patakaran ng GATT, pero, nag-iiba ito pag pumasok na ang '*real politik.*' Kahit ayaw ng mga negosyador ng bansa dahil sa mga nakikitang nagbabadyang mga disbentahe pero pag nagusap ang presidente at ang mga lider ng ibang bansa, ibang usapan na. Napupulitika na sa taas ang desisyon. Kaya kahit may magandang hangarin pero pag may usapan sa taas, na-iiba na. Ang iniisip na lamang daw nila sa kanilang opisina, "*The President has a wider perspective* (Leodegario Alabarca, Jr., personal na interbyu, Disyembre 15, 2010)." Ang ganitong bulok na pamumulitika ay kailan man hindi magiging makatarungan at katanggap-tanggap na paliwanag kung bakit hinahayaan ng estado maghirap ang kanyang pinagsisilbihang mamamayan. Hayag na hayag ang paraan ng gobyerno sa kanyang pagtatangkilik sa kasunduang GATT na hindi naman nakakabuti sa bansa. Isa sa mga manipestasyon ng pagtugon ng Pilipinas sa sinasabing tretado ay ang pagaamyenda ng mga polisiya ng mga mambabatas na sumasalungat o may kontradiksyon sa mga probisyon ng GATT. Halimbawa ng batas na nagpapakita ng manipestasyon ng pagsuporta ay ang RA 8178 o ang *Act Replacing Quantitative Import Restriction on Agricutltural Products except Rice with Tariffs, Creating the Argicultural Competitiveness Enhancement Fund, and for other Purposes.* Ang nasabing batas ay kumontra sa layunin ng *Magna Carta for Small Farmers of 1991*, na nangangalaga sa mga produkto ng mga maliliit na magsasaka (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002).

Kung titingnan sa konteksto ng industriya ng kape, may pananagutan ang gobyerno sa mga magkakape dahil sa kanyang pagbibigay ng lehitimong

kontrol ng industriya sa Nestle (Kamagsasaka-Ka, 2005). Kung oobserbahan ang kilos ng gobyerno alinsunod sa GATT-WTO, hinahayaan lamang nito na monopolyohin ng Nestle ang pagproseso ng kape sa bansa. Sa katunayan, ang pamahalaan pa ang nagudyok sa mga magkakape na magtanim ng magtanim ng Robusta, ang klase ng kapeng ginagamit upang maging Nescafe, kilalang produktong kape ng Nestle.


Hindi na rin iba ang ganitong pagtugon ng gobyerno sa mga industriya ng Pilipinas, ang pag-uubaya niya sa industriya ng kape sa isang dayuhang korporasyon ang kahalintulad lamng ng pagpepermiso nito sa pagkopo ng mga banyagang kumpanya sa langis, komunikasyon at enerhiya (Kamagsasaka-Ka, 2005).

**A Ba Ka Da E GATT...?**

*Isa sa mga kinaharap kong problema ay kung paano ko magsasagawa ng mga talakayan at magsasagawa ng sarbey kung hindi naman napapaliwanag sa mga magkakape ang GATT at probisyon nito kahit sila ay direkta at lubusang naaapektuhan nito sa paraang kanilang nasasambit ngunit hindi ma-ituro na dahil ito sa GATT.*

Hindi ito naipapaliwanag ng maayos sa mga magsasaka kaya hindi sapat ang kanilang paguunawa sa paksa. Dahil na rin sa hindi pagpansin ng gobyerno sa mga hinanaing at panawagan ng mga magsasaka lalo na pagdating sa aspetong agrikultural, nawalan na rin ng interes ang karamihan ng mga magsasaka upang alamin at kahulugan at bantang kaakibat nito (Micheal Loyola, personal na interbyu, Pebrero 11, 2011).

Lumalabas sa sarbey na isinagawa ng mananaliksik na mas marami ang mga magkakapeng hindi pamilyar sa GATT kumpara sa mga magkakapeng pamilyar dito. 78% ang hindi pamilyar sa GATT samantala'y 22% lamang ang pamilyar dito.




Sa tingin ng mga magsasaka, kulang sa *information dissemination* ang gobyerno kaya hindi alam ng mga magkakape kung ano ung mga pinapasok na mga kasunduan ng bansa. Kahit naman mapanood sa telebisyon kung hindi naman napapaliwanag, mahirap intindihin. Ayon kay Alabarca, sa panayam ng nagsisiyasat sa kanya, ilang beses na rin daw lumabas sa dyaryo ang tungkol sa GATT pero mahirap talaga intindihin dahil teknikal at may sarili itong bokabularyo. Dapat ito ipaliwanag sa salitang kanilang naiintindihan.

Nagkakaisa si Cadang at Alabarca na may kakulangan talaga sa information dissemination. Sa katunayan, gusto ng Bureau of International Trade Relations magconduct ng *information dissemination campaign* para mapaliwanag sa mga tao kung ano ang *multinational ties*, GATT at iba pang

mga teknikal na mga bagay ayon sa pangdaigdigang kalakalan. May hangarin din sila na konsolidahin at konsultahin ang mga tao tungkol sa usapin ng pangangalakal. Ngunit, wala naman iyon sa kanilang pondo at mandato ng kanilang opisina.

Ang supot na mga pamamaraan ng gobyerno upang bahagian ng kaalaman ang mga mamamayan ay nagtulak sa iba't ibang organisasyon na magkusang magmulat ng masa sa abot ng kanilang makakaya. Ilan sa kanila ay ang Magsasaka sa Kabite (Simbaka) and Rural Missionaries of the Philippines-Southern Luzon (RMP-SL) (Espada, 2003). Ngunit hindi lahat ng ginagawang pagkikilos ng mga organisasyon ay mainit na tinanggap ng gobyerno. Sa hanay ng Kamagsasaka-Ka, sila ay nagsasagawa ng mga porum upang ipaliwanag sa mga magsasaka kung ano ang GATT at ang magiging epekto nito sa kanilang kabuhayan. Ngunit, ang organisasyong katulad ng Kamagsasaka-Ka, ay pinaparatangan naman ng estado bilang mga kaliwa, kasapi ng Bagong Hukbong Bayan at kung anu-ano pang paratang pero bagamat ganito ang sinasagot ng estado sa kanila, patuloy nila isinisiwalat ang kabulukan ng GATT-WTO kasabay ng paglalabas rin ng baho ng gobyerno (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre 28, 2010).

**Hakbangin ng Gobyerno, paatras o pausad?**

Ang dinadanas ng mga magkakape sa Amadeo at ng iba pang magbubukid sa krisis ng sektor ng Argikultura ay nangangailangan ng matinding tulong mula sa mga organisasyon, institusyon at higit sa lahat sa pamahalaan.

May mga programa ang lokal na pamahalan ng Amadeo ngunit hindi ito epektibo. Isa dito ay ang pamimigay ng binhi na para sa mga magkakape ay nakakatulong pangtawid gutom sa araw-araw ngunit hindi naman nabibigyan solusyon ang problema sa kape. Sa bahagi naman ng nasyunal na gobyerno,

ang Department of Agriculture (DA), DTI at iba pang mga departamento ng gobyerno ay bahagi ng kumite ng Coffee Industry Subcommittee na primaryang trabaho ay tulungan ang mga magkakape. Ang DA rin ay namimigay ng mga alternatibong pananim sa mga magsasaka na maari nilang pagkakitaan. Ang gobyerno rin ay tumutulong sa antas ng *post harvest facilities and processes* para makagaan sa gastusin ng mga magkakape (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). Sa hanay naman ng mga magkakape, kahit maraming seminar ang gobyerno kung wala naman pondo para sa direktang tulong, wala rin. Sariling diskarte parin sa huli ng magsasaka laban sa mga malalaking negosyante at Nestle.

Kung nagbibigay man ang gobyerno ng pinansyal na tulong, hindi ito umaabot sa mga magsasaka ayon mismo sa kanila. Kwento ng mga magkakape, may tinatawag rin na Pahimis Festival sa Amadeo. Ito ay inilunsad ng lokal na pamahalaan noong panahon ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo upang ipakilala ang kape bilang produkto ng Amadeo. Ngunit para sa mga magkakape, propaganda lamang iyon dahil kung may balak man mangapital sa kanila, hindi ito nakakarating sa mga magkakape dahil daw "alam mo na... nagkaroon ng 'aberya'." Nang tanungin ang mga magkakape kung anong mayroon sa Pahimis, ang sagot nila: "...sayawan." Hindi na talaga nabibigyan ng makabuhulang katuturan ang pista ng Pahimis kaya hindi rin masasabing ito ay nakatulong talaga sa mga tao. Ang mga magsasakang lumahok sa pang grupong talakayan ay sumasang-ayon sa kung may programa man, sa implementasyon nagkakaroon ng problema. Sila ay nananawagan ng tunay na programa, tunay na ayuda at tunay na solusyon mula sa gobyerno.

*Kung ngayon mo titingnan, kontrobersyal na ang pagiging coffee capital. Kung ang dating mayor ang nakaupo, hindi daw madaling makapagsagawa ng pag-aaral sapagkat hinaharang ng mayor upang hindi makita ang tunay na*

*kalagayan sabi ni kapitan. Ang hiling sa mananaliksik: transparency daw. Ipakita daw sana ang tunay na kalagayan na mahina na ang industriya ng kape. Ngunit, bago ako umuwi mula sa pakikipamuhay, ako ay pinasundo ng kapitan upang hingan bigla ng mga permiso na noong una naman ay wala. Ang kapitan pa nga mismo ang sumama at tumutulong sa nagsasagawa ng pag-aaral sa pagbahay-bahay at pagsasagawa ng mga talakayan. Siya daw ay natatakot na baka ma "yari" siya at ang kanyang barangay sa munisipyo pag nakalabas ang aking pag-aaral at nagkagulo sa Pahimis ngayong Perbrero.*

Nakakalungkot isipin na bukod sa problemang kinakaharap ng mga magkakape dala ng GATT na siyang pinasok ng gobyerno, ito ay pinalalala pa at ginagamit na dahilan ng mga kinauukulan upang huthutan ang kaban ng bayan. Ang problema ng mga taga-Amadeo ay hindi talaga masosolusyunan kung mananalaytay parin ang maduming pulitika ng korpasyon at pandarambong.

**Hadlang o Daan?**

Gaya ng sabi ni Kiamson, "Hangga't may GATT, nako, lubog yan, kahit anong produkto, lubog yan." Ilang taon na ang lumipas nang pumasok ang Pilipinas sa GATT- WTO ngunit wala paring kahit anong manipestasyon ng pag-unlad na nakikita sa ekonomiya ng Pilipinas sa ilalim nito sa isang liberal na kalakalan. Ang dating sinasabing ganansya ay hindi maramdaman. Ang pagiging miyembro ng WTO ay nilagay lamang sa peligro ang ekonomiya-- seguridad sa pagkain, trabaho at kabuhayan ng mga magsasaka ang mangagagawang magsasaka, at paglala ng hindi pagkapantay- pantay sa lipunan (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002).

Ang nagiging landas ngayon ng operasyong ng pangdaigdigang negosyong pang-agrikultura ay nagpapalaki ng pagkontrol ng mga kapitalistang

korporasyon sa mga maliliit na bansa. Ang ganitong pangyayari ay hindi lamang nagdudulot ng pagkawala ng mga lupa ng mga magsasaka pero pati na rin pagkawala ng kanilang mga binhi, mga pangangailangan sa kanilang kabuhayan at kung anu- ano pang kakailanganin sa produksyon ng pagkain (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002). Isa pang problemang pinalala pa lalo ng WTO ay ang sinasabing mga trabaho. Imbes na magkatrabaho ay nanganib pa ang mga kabuhayan ng milyong milyong mahihirap. Ang mga magsasakang ay nakaranas ng pagtumal ng kabuhayan dahil sa kumpetisyon. Ang mga lupain na dati ay para sa produksyon ng mga mayor na kinokonsumo ay naging plantasyon na ng mga pang-eksport o naging lupa na titirikan ng mga subdibisyon (Pascual, F. G. & Glipo, A. G., 2002).

Ang masaklap dito, wala na ngang trabaho at naghihikahos na ang mga magsasaka, pinapagbawal pa o pinapabawasan ang pagbibigay tulong sa sector ng agrikultura, wala na ngang nakukuha ang mga lokal na magsasaka na tulong mula sa pamahalaan, lalo pa nito pinigilan ang mga susunod pang mga gobyerno sa pag-aabot ng tulong sa mga pesante, kaya unti- unti ng namamatay ang sektor ng agrikultura (Mariano, 1999).

**Ang Malabong Pagtingin ng Gobyerno**

Gayunpaman, hindi parin maiiwasan ang pagkakaiba ng opinyon ukol sa GATT sa bansa lalo na para sa mga na sa gobyerno. Maaring nakikita nila ang mga butas ng GATT ngunit bilang parte ng burukrasya ay kailangan nila o kinondisyon na sila na tanggapin ang kung ano mang sinang-ayunan ng mga nakatataas tulad ni Cadang na mula sa DTI. Bukas siya sa ideya na maaring itong dinadanas na paghina ng sektor ng argikultura partikular na ang industriya ng kape ay dahil sa GATT ngunit naniniwala ito na ang kalagayan ng Pilipinas ay dahil sa maliit nitong produksyon kaya hindi natin namamaksimisa ang

pagsali natin sa GATT. Para kay Cadang, kahit may mga disbentahe ang GATT, hindi parin nito gusto ang ideya ng pagbaklas sa kasunduan sa takot na baka ang Pilipinas ay lalong mapagiwanan. Sa opinyon ni Cadang, ilan pa sa maaring maging solusyon ay ang paggawa ng matibay na programang talagang tutuon sa mga pangangailangan ng mga magkakape, pagkakaroon pa ng mga pag-aaral para sa ikauunlad ng kapihan sa Pilipinas, pagpapataas pa ng kalidad ng kape, pagpasok sa organic farming at pagpapautang sa mga magkakape. Para dito, tuloy parin dapat ang ating pagkumpitensiya sa ibang bansa. Sabi nga ng impormante, "kailangan lang *let us beat what should be beaten...* (Amy Cadang, personal na interbyu, Disyembre 15, 2010)."

Ganito rin ang naobserbahan ng mananaliksik kay Alabarca na mula sa din sa DTI. Para sa kanya hindi kasalanan ng GATT ang nararanasang pagtamlay ng sektor ng agrikultura. Ito ay dahil sa hindi pagsunod sa galaw at hinihingi ng pangdaigdigang merkado. Kailangan magkaroon ng pagbabago sa produksyon, kailangan makisabay sa hinahanap ng mamimili. *Innovation* ang nakikita niyang solusyon sa problema sa kita ng magkakape. Hindi maaring hindi kikilos dahil kailangan makipagkumpetisyon sa ibang bansa. Kung hindi kikilos, mapagiiwanan talaga at matatalo talaga ang mga magsasaka. Para umasenso kailangan makipagsabayan tayo sa iba't ibang paraan tulad ng contract farming at corporate farming pero ang ganitong paraan ay pinroprotesta ng Kamagsasaka-Ka dahil hindi ito solusyon para sa kanila. Dagdag pa ni Alabarca, natural lang na may mga mapag-iiwanan kung hindi susunod sa agos ng pagbabago ngunit ito ay labas na sakop ng WTO (Leodegario Alabarca, Jr., personal na interbyu, Disyembre 15, 2010). "It's the job of the government to take care of the losers. Hindi lahat kayang pasayahin sa buhay. Mayroon talagang luhaan.," sagot ni Alabarca. Ayon sa kanya, gobyemo dapat ang tumutulong sa mga magsasaka at hindi responsibilidad ng

WTO ang kalingain ang mga natatalo sa merkado dahil ito ay trabaho ng gobyerno.

Mapapansin na ang pagbaklas o pagdistansiya sa GATT-WTO ay hindi kabilang sa mga solusyon at paraan ng pag-unlad ng mga taong na sa gobyerno. Sila ay nananatiling sumusuporta sa kahit anong alintuntunin ng pamahalaan ukol dito. Kay Cadang, kahit sa kanya na mismo nangagaling ang mga disbentaheng dala ng GATT-WTO, bulag niyang ineendorso ang nasabing pangdaigdigang samahan sa rason na baka manganib ang estado ng pangangalakal natin sa dayuhan. Ngunit kung ating susuriin, ang kalagayan ngayon ng merkado ay hindi namantalaga nakakaganda sa atin, ito ang nagdulot ng panganib sa ating ekonomiya at nagbabadya pang magdala ng mas nakakakalarmang panganib kung patuloy natin itong susundin. Sa panig ni Alabarca, hindi na kagulat-gulat ang kanyang mga opinyon hinggil sa GATT dahil siya mismo ay konektado sa WTO. Normal lang na ibenta niya ang mga adhikain ng GATT bilang positibong mga bagay na makakapagbigay ng kaginhawaan at isisi sa ibang bagay ang mga negatibong nararanasan ng Pilipinas sa agrikultura.

**Konklusyon at Rekumendasyon**

Kapansin-panin sa mga datos na nakalap na ang GATT ay isa sa mga dahilan ng pagkalumpo ng industriya ng kape sa Amadeo, Kabite. Ito ay isang instrumentong nagagamit ng mga mayayamang bansa at ng kanilang TNCs at MNCs upang lehitimong mapanghimasukan ang kalakalan ng pangatlong daigdig na mga bayan. Bukod dito, pinapalala lamang nito ang kalagayan ng mga magsasaka na hirap na rin dahil sa mala-pyudal at mala-kolonyal na katangian ng lipunan. Bagamat nangingibabaw na ang mga epekto ng nasabing pangdaigdigang samahan, bulag itong sinusunod ng buruktrata kapitalistang

gobyemo ng Pilipinas. Walang ma-ihapag ang gobyemo kung hindi mga mga panandaliang remediya o *band-aid solutions* lamang na malayo sa inaasahang kongkretong solusyon na magwawakas sa krisis na kinakaharap ng Amadeo. Kung ito ay nararanasan ng Industriya ng Kape sa Amadeo, Kabite, hindi malayong ito ay nararanasan rin ng ibang lalawigang tali sa agrikultura ang kabuhayan. Dahil sa lawak ng saklaw ng GATT sa Agrikultura na nangangahulugan sa malawakang at malalimang epekto nito, hindi sasapat ang pag-rebyu, pag-reporma at pag-ayos lamang ng GATT-WTO o ng AoA. Ang kailangan na dito ay ang tuluyang pagbabasura (Mariano, 1999) at pagbaklas ng Pilipinas mula dito (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre 28, 2010). Kung hindi man ito magagawa agad, mararapat lang na repasuhin man lang ng gobyemo ang mga polisiya nito na panay kabaluktutan at pabor lang sa mga mayayamang bansa kesa sa ginagawa nitong pag-aamyenda ng mga batas upang lumapat sa kagustuhan ng WTO (Hector Kiamson, personal na interbyu, Disyembre 28, 2010).


Pangunahing hakbang na nakikita ng mananaliksik para ito ay masolusyunan ay ang kolektibong pagkilos lamang ng mga magkakape mawawakasan ang paglalala ng krisis sa kape (Kamagsasaka-Ka, 2005). Sa tamang pag-aaral, pagmumulat, pag-oorganisa at pagmomobilisa ng mga magkakape sa Amadeo, kakayanin ng kanilang hanay harapin at panagutin ang pamahalaan at ang mga kapitalista sa pagsasantabi sa kanila ng matagal na panahon. Kung ang mga magkakape ay maniniwala na sila mismo ay may kalakasan na labanan ang sistema, maari pang ma-isalba ang industriya ng kape sa Kabite.


Tanging sa sama-samang paglahok sa pakikibaka mapagtatagumpayan ng mga magkakape ang kanilang laban para sa kanilang kabuhayan dahil sabi nga ng Kamagsasaka-Ka, ***"Tanging sa mga bihasang kamay ng magkakapeng Kabitenyo muling manunumbalik ang tapang, aroma at sigla ng industriya ng kape sa Kabite."***

## Apendiks

### Mga Litrato sa Pakikipamuhay










Resulta ng Sarbey tungkol sa Pamilyaridad sa GATT ng mga Magkakape



**Listahan ng Sanggunian**


Alava, A. & Lorenzana, E. Collaboration to the Rescue: Saving the Philippine Coffee Industry through Indusrty-Academe-Government Collaboration. Retrieved November 18, 2010 from http://www.iamot.org/conference/index.php/ocs/4/paper/viewFile/932/369

Aaronson, Susan. (2008) "From GATT to WTO: The Evolution of an Obscure Agency to One Perceived as Obstructing Democracy". EH.Net Encyclopedia, edited by Robert Whaples. Retrieved November 1, 2010 from http://eh.net/encyclopedia/article/aaronson.gatt.

Anderson, Perry. "The Antinomies of Antonio Gramsci."New Left Review 100 (1976): 5-78.

Chandler, D. (2000). *Marxist Media Theory*. Retrieved July 12, 2009, from http://www.aber.ac.uk/media/Documents/marxism/marxism.html

Delaney, T. & Goins, K. (2008). Vladimir Ilyich Lenin: Imperialism, the Highest Stage of Capitalism. Retrieved November 1, 2010 from http://www.marxists.org/archive/lenin/works/1916/imp-hsc/#f1r

Espada, Dennis (2003). Coffee Talk: Cavite Framers Denounces Nestle and GATT- WTO. Retrieved September 21, 2010 http://bulatlat.com/news/3-3/3-3-coffee.html

IBON Databank and Research Center. *WTO: Supreme Instrument for Neoliberal Globalization*. Sta. Mesa, Manila: IBON Books, 2005.

IMF. (2001). Global Trade Liberalization and the Developing Countries. Retrieved November 1, 2010 from http://www.imf.org/external/np/exr/ib/2001/110801.htm#iv

Kamagsasaka-Ka. *Ang Kasalukuyang Krisis sa Industriya ng Kape sa Kabite sa Ilalim ng Sabwatang Rehimeng GMA-ICO-GATT-WTO.* Silang, Cavite: Kamagsasaka-Ka, 2000.

Mariano, Rafael V. (1999). Take Agriculture out of WTO! Resist Imperialist Globalization! Speech delivered by Rafael V. Mariano, chairperson of KMP (Peasant Movement of the Philippines).
Retrieved November 1, 2010 from http://www.mindfully.org/WTO/ Agriculture-Out-Of WTO.htm.

Mastroiani, Dominic. (2002). *Hegemony in Antonio Gramsci.* Retrieved March 21, 2011 from http://www.english.emory.edu/Bahri/hegemony.html

Official Website of the Province of Cavite. http://www.cavite.gov.ph/

Onyejekwe, Kele.(2010). *An Agricultural Law Research Article: GATT, Agriculture, and Developing Countries.* Retireved November 1, 2010 from www.nationalaglawcenter.org/assets/bibarticles/onyejekwe_ agriculture.pdf

Pascual, F. G. & Glipo, A. G. ( 2002). *WTO and Philippine Agriculture: Seven Years of Unbridled Trade Liberalization and Misery for Small Farmers.* Retrieved from http://www.irdfphil.org/docs/03.pdf

Topacio, Ardiel Ross, "The Coffee Town of Amadeo: Unofficial site of the coffee capital of the Philippines. Amadeo...," http://sites.google.com/site/amadeocaviteph/home/gen-info

World Trade Organization. (1947). *THE GENERAL AGREEMENT ON TARIFFS AND TRADE (GATT, 1947).* Retrieved September 2, 2010 from http://www.wto.org/english/docs_e/legal_e/gatt47_01_e.htm